

PROLOGUE

Nakatitig si Rianne sa painting ng *Mount Fuji*, ang pinakamataas na bundok sa Japan, na may cherry blossoms palibot dito. Makikita ang pamosong bulkan na tila naka-frame sa gitna ng namumukadkad na mga bulaklak ng *sakura*.

Matagal nang nakasabit sa dingding ng kanilang bahay ang painting na iyon. Regalo raw ng isang kaibigan ng mommy niya nang minsang mapunta ito sa bansang Japan. At hindi siya nagsasawa sa pagtitig dito halos araw-araw.

It wasn't really the snow-capped mountain that enthralled her. It was the pale pink flowers. They looked dainty yet delicate and so heavenly. She wondered how they would be feel like in the touch of her hands. Or to walk beneath those trees stepping on those petals that were laid like snow on the ground.

“O, nakatitig ka na naman diyan,” pakli ng kanyang mommy mula sa likuran niya.

“I want those flowers,” parang nananaginip na sabi ni Rianne.

Tumayo ito sa tabi niya, nakititig sa painting. “You

can go to Japan someday if you want, sa panahon ng spring.”

“Gusto ko, may magbigay sa akin niyan, Mommy. Pakakasalan ko ang sinumang lalaking mag-aalay sa akin ng cherry blossoms.”

Tumawa ang kanyang ina. Alam na alam nito ang kanyang pagka-hopeless romantic.

Nagbaba na siya tingin nang madamang nagkaka-stiff neck na siya sa pagtingala sa painting. “Yup! That would be the sign. Di ba, sabi nila, may sign dapat ang pagdating ng true love?”

“Walang sign ang pagdating ng true love, Rianne. It just happens,” sabi ng ginang saka siya iniwan sa sala.

“Ang lalaking ngingiti sa ’yo sa araw ng Biyernes a Trece ay siyang makakatuluyan mo balang araw.”

Napangiwi si Rianne sa sinabing iyon ng manghuhula na kontodo costume pa ng gypsy effect at may isang bolang kristal na prop.

Bakit ba ako pumasok-pasok dito? sa loob-loob niya.

Kagagaling lang niyang mag-enrol sa isang university para sa kursong Veterinary Medicine nang mapadaan siya sa isang fair. Madaming booths and rides at nagkalat din ang murang mga accessories at damit. Iyon lang sana ang pakay niya sa pagpunta roon, ang mamili. Kaso nabighani siya sa isang purple tent na may fortune-teller daw sa loob.

At dahil ipinanganak na hopeless romantic, ang tinanong niya rito ay tungkol sa lalaking pakakasalan niya balang araw.

Pero ang pangit naman ng sign na sinabi nito! Mami-meet niya sa Friday the 13th ang true love niya?

And, ugh! Ayaw niyang maniwala sa hula. Basta, ang lalaking magbibigay sa kanya ng cherry blossoms ang magiging true love niya at ang siyempre, pakakasalan niya. At hihintayin niya ang lalaking iyon.

Hanggang sa makalimutan na niya ang tungkol sa outrageous na hulang iyon. Ngunit ang hindi niya inaasahan, sa unang linggo ng klase niya sa university, habang inaayos niya ang kanyang locker ay may isang lalaking ngumiti sa kanya.

Ilang saglit din siyang natulala. They guy was

a total cutie. At ang ganda ng mapuputing ngipin nito, pati na maiitim na mata. Namamatanda na yata siya...

Nang kalabitin siya ng isang babae na nag-aayos din sa katabi niyang locker, doon na siya natauhan.

“Hi, I’m Malaya Magtanggol. Classmates yata tayo,” anito sa kanya.

“O-oh!” Iniabot niya ang kamay sa pakikipag-handshake nito. “I’m Rianne. Rianna Elaine Mendez.” Namumukhaan nga niya ang babae, katapat yata ito ng upuan niya sa isang subject nila.

Muli siyang napatingin sa lalaking ngumiti sa kanya, sa pagkakataong iyon, nakatingin ito sa babaeng kakikilala niya.

“That’s Casper Hidalgo, classmate din natin siya,” sabi ni Malaya nang mapansing nakatingin siya sa lalaki.

Nagkarigodon yata sa loob-loob ni Rianne. Classmate niya ang cutie na ngumiti sa kanya? At Casper ang pangalan? Pangalan ng multo!

Multo? Teka... Biyernes a Trece nga pala ngayon!

1

“O, Biyernes Santo yata ang mga pagmumukha n’yo? Nag-away na naman ba kayong dalawa?” sita ni Malaya sa dalawang kaibigan na nagpupukulan ng matatalim na titig mula sa magkabilang mesa.

Padarag na tumayo si Rianne mula sa kanyang mesa sa office ng *Fauna*, ang animal clinic na pag-aari nilang tatlo nina Malaya at Casper.

Itinayo nila ang clinic nang magtapos silang tatlo ng Veterinary Medicine sa kolehiyo. Actually, ideya ito ni Malaya, ang maging business partners silang magkakaibigan, kaso tatlo na lang silang natira sa kanilang pitong magkakabarkada. Humiwalay ng landas ang apat mula sa kanila.

At heto sila ngayon sa bagong-tayong clinic, mas malaki kaysa sa nauna na binili ng *Sakura Realty* na pag-aari ng boyfriend ni Malaya na si Kaede Ichiro Takamura, isang one-fourth Japanese, three-fourth Filipino. Malapit nang matapos ang ipinapatayo nitong malaking mall na sinakop ang lupang kinatatayuan ng dati nilang animal clinic.

“I want that space!” parang batang sumbong niya

kay Malaya, sabay turo sa kinaroroonan ng mesa ni Casper.

Gusto niyang malapit sa bintana ang mesa niya sa kanilang office space kaso naunahan siya ng lalaki sa pagpuwesto roon. At ayaw nitong makuha sa pakiusapan!

For some reason, Casper Hidalgo always annoyed her and vice versa. Hindi sila nagkakasundo nito kahit pa nasa iisang grupo lang sila ng barkada mula college. It seemed like he hated everything about her! The way she talked, dressed, moved... mahadero to the highest level talaga! And she had grown to develop angst and hatred against him, too. To think that... that....

Napailing si Rianne. *Uh, forget it.*

“Nauna ako dito!” gagad ni Casper. A smile of victory was painted on his lips.

Gusto niya tuloy lapirutin ang bibig nito! Lumalabas talaga ang kanyang violent tendency sa buwisit na ito!

Lalo siyang sumimangot. Kahit kailan, hindi siya pinagbibigyan ng mahadero! Pero kung si Malaya naman ang mag-re-request ng kahit ano rito, mabilis pa sa alas kuwatro kung pumayag. That was unfair!

Padarag siyang tumayo mula sa kanyang mesa. “I hate you!” asik niya sa pagmumukha ng lalaki, sabay talikod.

“I know,” ganti nito. “And the feeling is mutual, doll. I hate you, too!”

Nag-about-face ang dalaga. “Did you just call me ‘doll’?”

Hinablot niya ang kuwelyo ng polo shirt nito.

“Diyos na mahabagin, Rianne!” bulalas ni Malaya.

Sarkastikong napatawa lamang ang lalaki. Tila hindi man lang ito nayanig kahit kaunti sa ipinakita niyang menace. Nakakainis!

Aba, hindi porque’t kikay siya at seksing manamit ay may karapatan na ang lalaking ito na tawagin siyang... *manyika*? Kaloka! Ngayon lang niya iyon narinig mula sa bunganga nito at talagang sumabog na ang pasensya niya.

“Bawiin mo’ng sinabi mo!” talak niya. Pero hindi naging menacing ang naturally high-pitch niyang boses. Pumiyok lamang iyon na lalong nagpatawa sa mahaderong kasosyo.

“Let go of him, Rianne!” saway ni Malaya na pilit kinakalas ang kamay niya sa pagkakahawak sa

kuwelyo ni Casper.

“No, Aya! Sumosobra na ang mahaderong ito!”

“Cas, mag-sorry ka na kasi!” baling ni Malaya sa lalaki.

“Bakit ako mag-so-sorry?” kontra nito.

Hinigpitan niya ang hawak sa kuwelyo nito, pinilipit pa niya iyon para masakal ito.

“This is outrageous!” palatak ni Malaya. “Para kayong mga bata!”

Nang tumunog ang intercom, ang receptionist nila ang nagsalita. “Dr. Hidalgo, your client is here.”

“Paano ’yan?” anang lalaki, nakangiti pa rin nang nakakaloko kahit medyo nasasakal na. “Aasikasuhin ko muna ’yung boyfriend mo.”

Ang ‘boyfriend’ na sinasabi nito ay si McClane, isang Labrador Retriever. Ito ang pinakapaborito nilang tatlo sa mga hayop na regular nilang pasyente. Actually, last year, dahil na rin sa katandaan ay nanghina ito at nagkasakit, inakala nilang bibigay na ito, but he managed to hold on. And here he was on his monthly checkup.

Pinakawalan na niya si Casper. “You can live to

die another day,” banta niya.

Tumayo ito at inayos ang kuwelyo saka lumabas ng office nila.

Kumumpas sa ere ang mga kamay ni Malaya. “Rianna Elaine! Ano ka ba? That was so out of line!”

“Siya naman ang nauna, eh!” nakalabing sabi ng dalaga. Bumalik na siya sa mesa niya at nangalumbaba.

“Bakit ba hindi kayo magkasundong dalawa? Geez! Nagtataka akong nakatagal tayo ng almost five years na sa business na ito without you two trying to kill each other.”

“Well, malapit-lapit ko nang mapatay ang buwisit na iyon, as in. So, it will be the two of us na lang in this business.”

Pinanlakihan siya ng kaibigan ng mga mata. “Are you serious?”

Tumawa si Rianne. “Aya naman! Sa palagay mo, willing akong makulong para lang mawala sa face ng earth ang mahaderong iyon? No way, ano! Wala yatang *Twitter* at *Facebook* sa Munti!” Inilabas niya mula sa drawer ang kanyang maliit na vanity mirror at sinuri ang makeup sa mukha.

She always loved applying makeup on her face. Well, nakasanayan na kasi niya since college. She just loved experimenting with makeup colors. It was her fascination. Hindi heavy makeup ang ina-apply niya sa mukha. In fact, she didn't even wear a face foundation kundi mineral compact powder lang. She was blessed with a flawless and even-toned face. Hindi rin niya kailangan ng blush-on at matinkad na kulay ng lipstick nor a mascara. Her eyelashes were naturally dark, long and curly. She just love applying eyeshadows to put emphasis on her brown eyes.

“Kung bakit hindi kayo magkasundong dalawa,” ani Malaya, inaayos ang mesa nito. “Ang tagal na nating magkakaibigan.”

Bumuntong-hininga si Rianne. Kung alam lang nito ang tunay na dahilan ng pagsali niya sa barkada nila sa college....

Napahilot si Casper sa leeg matapos niyang masuri si McClane.

Anak ng pusa! Ang tindi ng pagpilipit ng babaeng iyon sa kuwelyo niya, ah! Nasakal siya nito.

Napatiim-bagang siya. Lumalala na talaga ang kamal ditahan nito sa kanya! Naging pisikal na ito

kanina. Kung bakit parang aso't pusa sila nito mula pa noong college sila. Ni hindi sila nagkasundo ni minsan. They were each other's pet peeves! She seemed to hate everything about him and vice versa.

Kung puwede lang niyang patulan din sa pisikal na paraan si Dr. Rianna Elaine Mendez! Pero hindi siya nananakit ng mga babae.

He adored women. He respected them a lot. But this lady vet na ka-partner pa niya sa negosyo... She just annoyed him big time! Napakaarte sa lahat ng bagay—pagkain, damit... No wonder single pa ito hanggang ngayon, hanggang date lang ito. No man in his right mind could stand her!

Single. Like him.

Kung may escapades man siya sa mga babae, iyon ay kung nagpupunta siya sa bar sa gabi na kadalasang nauuwi sa pakikipag-one-night-stand.

He scoffed at himself. Pareho lang pala sila ng lagay ng love life ni Rianne. Zero. Ang kaibahan siguro nilang dalawa ng malditang iyon ay sa kaso niya, being single was a choice. Dahil mayroon siyang babaeng lihim na itinatangi.

He totally loved everything about her—her natural beauty, ang pagiging casual dresser nito,

ang trait nitong down-to-earth, walang kaartehan sa katawan, walang hang-ups sa buhay...

He swore to himself that he would marry someone like his mother. He adored his Mama so much. Nag-iisa kasi siyang anak kaya lahat ng atensyon nito ay kanyang-kanya. And he admired her love and faithfulness to his late dad.

And Casper met the right girl in college. At sumali siya sa barkada nito para lang mapalapit dito nang husto. Kaso hindi siya nagkaroon ng pagkakataong pormahan ito. Nakikipag-date na kasi ang babae sa isa ring kabarkada nila noon. Nang maghiwalay ang mga ito, nakahiyaan na niyang ipagtapat dito ang tunay na damdamin. Naging sobrang close na kasi sila nito as friends. At alam niyang ganoon lamang ang pagtingin nito sa kanya: isang matalik na kaibigan. Ayaw niya namang sirain ang tiwala nito, ang samantalahin ang pagkakaibigan nila. So, he tried diverting his feelings to other girls. Pero wa epek. Hanggang date lamang siya sa mga ito.

Pinilit niyang ibaon na lang sa limot ang damdamin niyang alam naman niyang walang patutunguhan. Hanggang sa magtapos sila ng kolehiyo. Akala ni Casper ay tapos na rin ang kabaliwan niya sa babaeng ito.

Desperately Chasing Casper - Yumi Sagara

He was wrong. Because here he was, sumosyo pa sa panukala nitong negosyo, ang *Fauna*.

He had been in love with Dr. Malaya Magtanggol for the longest time. And nobody knew about it.

2

Tapos nang ipatayo ang *Sakura Mall* at madami na ang naka-reserve na puwesto roon. Isa na ang para sa pet store at grooming shop ng *Fauna*. Magbebenta sila ng pet supplies at mga alagang hayop na rin gaya ng tropical fishes and birds, small pets like bunnies, hamsters, guinea pigs at exotic pets din na ilang species ng small lizards, turtles at tarantulas.

At parang mas gusto ni Rianne na pamahalaan na lang niya ang shop na iyon para hindi na niya makasama sa iisang opisina si Casper. She just couldn't stand him anymore!

Naramdaman niyang may tumapik sa kanyang balikat. Napaigtad siya mula sa pagmamasid sa higanteng mall at tumingin sa kanyang likuran.

“Hi!” Si Traven Ortega, ang CEO ng *Sakura Realty* at best friend ng nobyo ni Malaya.

“Hey!” nakangiting bati ni Rianne pabalik.

“Long time no see, huh?”

Matagal-tagal na rin pala ang huling pagkikita nila. Naka-station kasi ang lalaki sa main office ng

Sakura Realty sa Manila .

Niyaya siya nitong mag-snack sa isang ice cream parlor.

“Kumusta na?” anito sa gitna ng pagkain.

“Okay lang. Ikaw?”

“Busy,” sagot ng lalaki na sinundan ng mahinang pagtawa.

“Mukha nga. Ang tagal na kitang di nakikita dito sa San Bartolome.”

“You mean, matagal na kitang hindi niyayayang lumabas.”

Nagkibit-balikat lang si Rianne.

What’s new? Lahat ng lalaking nakaka-date niya ay dumarating sa puntong nagsasawa na sa kanya at either hindi na siya niyayayang lumabas or they just simply called it quits.

Teka, hindi naman siya idini-date noon ni Traven. Well, not the kind of date na kinasanayan na niya with other guys. Other guys who just wanted to have sex with her.

Maybe men perceived her as a doll, after all—maganda sa paningin, masarap paglaruan pagkatapos

ay itatapon na lang kapag pinagsawaan na. That was why that brute Casper had the guts to call her that.

“Kung magsalita ka, parang nag-date naman tayo noon,” natatawang sabi niya, sabay balik ng atensyon sa kinakaing sundae.

Seryoso naman ito. “Rianne, we both know we don’t really like each other in a romantic kind of way.”

Napamata siya sa kausap.

“I’m very, very attracted to you, though.”

Mapakla siyang napatawa.

Right. Hanggang physical attraction na lang talaga ang nagiging feelings sa kanya ng opposite sex. Not that may panghihinayang si Rianne na hindi niya naging boyfriend si Traven. He was right, she liked him, but not in a romantic way. At least, the guy was honest and so damn sensitive. Dahil ninety percent yata ng mga naka-date niyang lalaki ay umayaw na sa kanya nang malamang walang pag-asang maikama siya ng mga ito.

Ngumiti siya. “You don’t have to explain yourself, Traven. Matagal ko nang tanggap na hanggang kagandahan ko lamang ang puwedeng hangaan ng mga lalaki.”

He reached for her hand on the table. "You are a very special girl, Rianne. You are smart, sweet and kind. Hindi ka mahirap mahalin."

"You think so?"

"Yeah." He smiled. "Kaso walang chance sa atin ang romance because whether you admit or not, your mind seemed to be floating somewhere else tuwing magkasama tayo," makahulugang pahayag nito.

Napakunot ang noo niya.

"So, who's the lucky guy?" ungot ng kausap.

Tensyonado siyang napatawa. This man was more perceptive that she expected!

Matagal siya nitong tinitigan. "Let me guess," sabi nito makaraan ang mahaba-haba ring sandali. "Hindi niya alam na kayo na pala?"

Duweto silang naghalakhakan.

Masaya silang naghiwalay nang araw na iyon ni Traven. He even offered her his friendship na siyempre pa ay hindi niya tinanggihan.

Bago siya sumakay ng kanyang *Toyota Avalon* ay muli siyang napatingala sa *Sakura Mall*, sa malaking logo niyon na drawing ng tatlong bulaklak ng cherry

blossoms at ng Japanese *kanji* nito.

Napangiti siya sa sarili nang may maalala.

Pakakasalan ko ang sinumang lalaking mag-aalay sa akin ng cherry blossoms.

Parang kahapon lang niya sinabi iyon sa kanyang mommy, heto't almost twenty-six years old na siya ay hindi pa niya nahahanap ang lalaking iyon. O hindi pa siya nahahanap ng sinumang lalaking iyon.

Napatawa siya nang maalala ang unang pagkakakita niya noon kay Kaede. Natulala siya sa kaguwapuhan nito and instantly ay nagkaroon siya ng major crush dito. Napaisip pa nga siya kung ito na nga ang lalaking magbibigay ng cherry blossoms sa kanya dahil may lahi itong Japanese. Pero dagli ring nabura ang pantasya ni Rianne when she realized that it was her best friend that he fell in love with. Hindi naman sumama ang loob niya. In fact, she was very genuinely happy for Malaya.

Napailing siya at sumakay na sa kanyang kotse. Geez. Hanggang ngayon pa ba'y umaasa pa rin siya sa kanyang cherry blossom fantasy na iyon? Siya, si Dr. Rianna Elaine Mendez, ay isang maganda at magaling na veterinarian. Galing siya sa isang masaya at may-kayang pamilya. She always got everything

she wanted na walang kahirap-hirap. Wala siyang insecurities sa buhay, unlike so many spoiled rich kids out there. Hindi siya naghahanap ng mga bagay na wala siya dahil aware siyang madami nang blessings sa kanya ang Diyos.

She was healthy, alive and kicking. Well, mayroon lang siyang food allergy. But nevertheless, she always thought she was indeed very blessed and that was more than enough for her to be grateful and to enjoy her life without romance.

“Tingnan mo nga naman ang pagkakataon!” naibulalas niya nang mamataan si Casper nang mapadaan siya sa park.

Nakisabay pala ang mahadero sa day-off niya. At mukhang ka-date yata nito ang babaeng kasama.

Ipinarada ni Rianne ang kotse sa shoulder ng kalsada at tinanaw maigi ang magkapareha sa park.

Sa tingin niya ay mas matanda ang babae kaysa kay Casper; maybe ten to fifteen years. Pero maganda ito, ah. At sexy rin kahit skinny jeans at simpleng blouse lang ang suot.

Matrona pala ang hilig!

Kinabukasan ay kinantyawon niya si Casper.

“Hindi mo sinabing older women pala ang type mong ka-date,” sabi niya.

“What?” salubong ang mga kilay na pakli nito.

Tumawa siya, sabay buklat sa isang fashion magazine. “Sana noon mo pa sinabi para naipareha kita sa mga cougar friends ng mommy ko sa ballroom dancing.”

Mukhang hindi pa rin yata ma-gets ng lalaki ang sinasabi niya.

“I saw you yesterday. In the park.”

“That was my mother, for your information!”

Nabitiwan niya ang magazine. “Are you serious? She looked too young to be your mother!” bulalas ni Rianne. Then she remembered, sinabi nga pala sa kanya noon ni Malaya, bata ngang tingnan ang ina ni Casper. At naririto ito ngayon sa bansa. Nataon kasing wala siya sa *Fauna* sa pagbisita roon ng biyuda.

“Well, bata talagang tingnan si Mama, ano’ng magagawa ko? Sinamahan ko siyang mag-shopping kahapon saka namasyal na rin kami sa park.”

Naisip ng dalaga, ang sweet naman palang

anak ang mahaderong kumag na ito. Idini-date ang mommy!

“I can’t believe you thought I was dating an older woman!” anito saka napapalatak.

“Well, what’s wrong naman kung mas matanda sa ’yo ang babae, aber?”

“Kunsabagay, papatol na lang ako sa older girl kesa sa maarteng gaya mo,” nang-uuyam na tugon ni Casper.

Dinampot niya ang magazine sa mesa at ipinukol iyon sa lalaki. Tumama iyon sa mukha nito. “Tanungin mo ako kung gusto kong pumatol sa ’yo, mahadero!”

Iyon ang eksenang nadatnan ni Malaya. “Umagang-umaga, nagbabangayan na naman kayong dalawa!”

Tuloy-tuloy itong naglakad patungo sa mesa nito. “Wala na talaga kayong kupas! Buti pa mga rebelde’t gobyerno, may peace talk at tigil-putukan; kayong dalawa, wala!”

“Aya, mas mabuti siguro kung doon na lang ako sa magiging shop natin sa *Sakura Mall*,” sabi niya.

“Bakit? Hindi kailangan doon ang vet,” ani Casper.

Pinukulan niya ito ng mala-Gillette ang talim na tingin. “Tinatanong ko ba ang opinyon mo?” asik niya.

“He’s right, Rianne,” sang-ayon dito ni Malaya. “Ilalagay na lang natin doon ang ilan sa mga veterinary assistants natin dito.”

“Mas gusto ko doon,” nakangusong saad niya.

“Gusto mo lang akong iwasan,” nakangising tugon ni Casper.

Lalo niyang pinatalim ang tingin dito. “Not everything is about you, Dr. Casper Hidalgo!”

“Rianne, mas kailangan ang serbisyo mo dito sa clinic,” giit ni Malaya.

Tumawa ang lalaki. “Mas gusto niya sigurong magpaligo at maggupit ng mga aso—”

“Screw you!” angil niya rito.

“Guys, just quit!” awat ni Malaya.

Padarag siyang tumayo at tinungo ang pinto ng opisina.

“Walkout Queen!” pahabol na kanyaw ni Casper.

Hindi niya ito pinansin. Dumerecho siya sa

Desperately Chasing Casper - Yumi Sagara

kanilang grooming shop na nasa kabilang silid lamang.

Minsan, parang mas magandang makipag-usap na lang sa mga hayop.

3

“Impiyerno na naman ang buhay ko,” pagpaparinig ni Rianne kay Casper nang mamataan niya itong papasok sa *Fauna*.

“Good morning, too,” sarcastic na bati nito saka tuloy-tuloy na nagtungo sa mesa.

Isang linggo pa sa Japan sina Malaya at Kaede na kasalukuyang nagbabakasyon doon. Meaning, isang linggo pa siyang magtitiis sa piling ng mahaderong ito. Kung wala kasi si Malaya, parang mas lalong sumusungit sa kanya si Casper. At walang taga-awat ng pag-aaway nila.

Hindi na lang sila nagkibuang dalawa. Ganoon sila lagi pagkatapos ng matinding pag-aaway, isang mahabang cold war ang kasunod. She preferred it that way. Napapagod na rin kasi siya sa pakikipagbangayan sa lalaking ito.

“I’m going out,” paalam ni Rianne nang sumapit ang kanilang lunch break.

“Kakain ka sa labas?” sita nito, nakatingin sa mahahabang legs niyang naka-expose sa suot niyang maikling skirt.

“Yeah,” aniya at dinampot ang kanyang *Gucci* handbag.

“Can I come along?”

Napatingin siya sa lalaki. *Seryoso ba ito?*

“Bahala ka,” sabi niya at naunang lumabas sa pinto ng office nila.

Ang kotse ni Casper ang sinakyan nila patungo sa isang seafood restaurant.

Nagtataka na siya talaga. Bakit sumamang kumain sa labas ang mahaderong lalaking ito? At hindi kumontra sa choice niya ng kakainan nila?

Palinga-linga si Rianne sa loob ng kiwi green metallic *Ford Escape Hybrid* ng binata. Bago. Ngayon lang niya nakitang gamit nito iyon. At ngayon lang yata siya nakasakay sa wheels nito. Madalas ay si Malaya ang nasa passenger seat ng sasakyan, salitan sila sa paghahatid pauwi sa kanilang kaibigan noon. Noong wala pa itong boyfriend.

“You like it?” pakli ni Casper.

Pumaling siya rito. “Excuse me?”

“I mean the car. Nagustuhan mo ba?”

Nagkibit-balikat siya, sabay bawi ng tingin.

“Okay lang,” malamyang sagot niya.

“Can’t you ever learn to like anything about me?”

“Depende.”

Hindi na ito nagsalita pa hanggang marating nila ang restaurant.

Madami itong in-order na pagkain. Samantalang siya ay grilled salmon and white rice lang ang pinili. Walang imik silang kumain sa mesa. Naaalibadbaran si Rianne. Ngayon lang sila nagsalo sa pagkain na silang dalawa lang, sa isang restaurant pa.

“Ayaw mo ng tahong at talaba?” mayamaya ay tanong ng lalaki.

Ngumiwi siya. “Allergic ako.”

Tumawa ito. “Ang sabihin mo, maarte ka lang talaga!”

Napabuga siya ng hangin. “Okay na sana, Casper, eh. Ayos na sana ang araw ko kung hindi lang umarangkada ulit ang pagkamahadero mo!” Iniumang niya ang tinidor sa mukha nito.

“Napakapili mo sa pagkain. Di ka kagaya ni Aya, kahit ano ay kinakain niya.”

Naningkit ang mga mata ng dalaga. She hated it

kung ikinukumpara siya nito kay Malaya.

“Paano na lang kung ma-stranded tayo sa isang island at tahong at talaba lang ang puwedeng hulihin sa dagat para kainin?” tila hamon pa nito.

“Eh, di kakainin muna kita!” singhal niya. Nawalan na siya ng ganang kumain. Bad idea ang pagpayag niyang sumama itong mag-lunch sa labas.

He grinned. “I haven’t heard of anyone na hindi kumakain ng shellfish.” Ipinagpatuloy na nito ang pagkain. “Arte,” narinig niyang bulong nito saka uminom ng tubig.

Napikon si Rianne. Dumapot siya ng isang shell ng tahong at kinain ang laman niyon. Lakas-loob din niyang kinain ang fresh talaba na pinigaan niya ng calamansi juice. Kandangiwi siya sa pagnguya.

Tila amazed na amazed na pinapanood siya ng kasama. “O, kitam, kaya mo naman pala.”

Halos mangiyak-ngiyak siyang uminom ng tubig. “Kaya ba sumama ka sa aking mag-lunch para asarin ako?” himutok niya pagkalapag ng baso sa mesa.

“No. I just wanna eat with you.”

Inirapan niya si Casper. “Yeah, right!”

Hindi na niya ito kinibo hanggang sa makabalik sila sa *Fauna*.

At doon na nag-umpisa ang kalbaryo ng dalaga. Nangati ang kanyang balat, namula at nagkaroon ng mapupulang pantal.

“Shit!” mariing mura ni Rianne habang kinakamot ang mga braso.

Ito nga ba ang sinasabi niya! Kung bakit pa niya pinatulan ang hamon ng buwisit na iyon!

“What’s the matter?” sita ni Casper nang mapansin siyang di mapakali at kanina pa kamot nang kamot.

“N-nothing.”

Lumapit ito sa kanya, napansin na siguro ang hives na kumakalat na sa kanyang balat. Tumayo siya mula sa kanyang mesa upang umiwas, pero mabilis siya nitong nahawakan sa braso.

“What the—Rianne, ano ang mga ito?” gulat na usisa ng lalaki na nakatingin sa kanyang brasong litaw na litaw pa naman sa suot niyang baby pink sleeveless blouse.

“I told you allergic ako sa shellfish!” asik niya sa mukha nito.

“No, you didn’t!”

Binawi niya ang braso. “Yes, I did! Tinanong mo kung kumakain ako ng tahong at talaba, sabi ko, allergic ako!”

“I... I thought...” Nahilot ng binata ang batok.

“You thought nag-iinarte lang ako? I have food allergy, you brute! Hindi ako puwedeng kumain ng shellfish!”

“Kung ganoon, bakit ka kumain?”

“Nakakainis ka kasi, eh!” nakalabi niyang sagot.

“That was stupid!” bulalas ni Casper, nanlalaki ang mga mata. “Ganyan na ba talaga kalaki ang inis mo sa akin kaya kahit ikamamatay mo’y pinapatulan mo ang pambubuska ko sa ’yo?”

Hindi siya umimik.

Bumakas ang pag-aalala sa mukha nito. “M-may gamot ka bang dala?”

Umiling si Rianne. “Hindi ako nagdadala ng gamot since iwas talaga akong kumain ng shellfish. I can’t even remember the last time na inatake ako nito.”

“Okay, magpapabili ako ng gamot,” natatarantang

sabi nito. “Ano ba’ng brand ng antihistamine mo?”

“*Clarinx*,” mababang sagot niya saka siya tumuloy sa rest room.

Naghilamos doon si Rianne, pinunasan ng wet wipes ang mga braso. She might just take a shower instead. May shower sa rest room ng kanilang office, ginagamit nila kung nag-o-overnight sila sa trabaho.

Napabuntong-hininga siya nang makita sa repleksyon ng salamin sa harap ng sink ang gold locket na palawit ng kanyang kuwintas. She had been wearing it since her eighteenth birthday. Napahawak siya roon.

“What am I doing?” bulong niya sa sarili. “And what am I doing here in the first place?”

Wala sa plano niya ang pakikipagsosyo sa negosyo. She always planned to build her own animal clinic and grooming shop. Kaso pinatulan niya ang plano ni Malaya. For a reason na siya lamang ang tanging nakakaalam.

Medyo humupa na ang pangangati ng kanyang balat pagkainom niya sa gamot na pinabili ni Casper sa kanilang utility man/driver.

Tiningnan ni Rianne sa vanity mirror ang mukha.

Madami pa ring pantal iyon. Buti na lang at hindi nag-iiwan ng peklat ang mga pantal niya. Balik ang flawless skin niya pagkatapos ng dalawang araw.

“I’m sorry.”

Napatingin siya sa mesa ng kapwa vet. Tama ba ang narinig niya? Nag-apology sa kanya ang mahadero?

“Sana hindi mo na lang kasi kinain—no, it was my fault. Hindi kita dapat binuska,” sabi pa nito.

Hindi siya umimik; ibinalik sa salamin ang tingin.

“You can go home now if you want.”

Mukhang guilty! *Buti nga sa ‘yo!*

“I can manage, thank you,” aniya sa flat na boses.

“Just—” Inihilamos nito ang isang palad sa mukha. “Rianne, next time, don’t do stupid things like that, okay? Meron akong kakilalang namatay dahil allergic sa mani. Paano na lang kung—”

“Kung namatay ako kanina?” Tumingin siya uli rito. “Ayaw mo n’un? Wala nang aaway sa ‘yo!”

Sa pagtataka niya ay lumapit si Casper sa kanyang mesa. “Ang tagal na nating nagkakasama, but you never told me you have food allergy.”

“You never asked.” *At marami pang bagay tungkol sa akin ang hindi mo nalalaman!*

“Sorry na,” paghingi uli ni Casper paumanhin, his eyes pleading. Bahagya pang humaplos ang isang palad nito sa isang braso niyang nakapatong sa mesa. “Masakit ba?”

“Mahapdi,” sagot niya saka nag-iwas ng tingin, sabay hila ng braso. Hindi siya sanay sa ipinapakitang gesture ng lalaki sa kanya. “Huwag mo nga ako hawakan. If I know, nandidiri ka sa akin.”

“Asong galisin nga, nahahawakan ko.”

“Aba’t...! Ikinukumpara mo ako sa aso?” pagtataray ni Rianne.

Tumawa ito.

Muli siyang tumingin sa vanity mirror. Pati mga labi niya ay namaga dahil sa pesteng allergy! “Ang pangit ko na!” halos ngumawang naibulalas niya.

“Hey,” banayad na sabi ng binata, itinaas ang kanyang baba. “Maganda ka pa rin kahit puro pantal ang mukha mo, okay?”

She looked up to him for a while. “Huwag ka na ngang magbait-baitan diyan,” pagkuwan ay singhal niya.

Tumayo na siya sa mesa nang tumunog ang intercom at tinawag ang kanyang pangalan.

“Kelan ka kaya uuwi ditong may kasamang babae?” tudyo ng Mrs. Hidalgo pagkauwi ni Casper galing *Fauna*.

Humalik siya sa pisngi nito, hindi pansin ang biro nito. “Hey, ‘Ma!”

“I cooked dinner for you,” sabi nito.

Abot-tainga ang ngiti niya. He always loved his mom’s cooking. “Thanks!”

Biyuda na ang kanyang ina. His father died of stroke six years ago. Naiwan sa kanya ang pamamahala sa kanilang malaking rancho. Pinili nitong manirahan sa Amerika, sa mga kapatid nito roon. He understood that. Living in the house was giving his mother a state of melancholy dahil sa pagkawala ng kanyang ama. Ngayon lang nagbalikbayan ito mula nang umalis. At sa palagay niya ay naka-recover na rin ito sa kamatayan ng esposo.

Ito rin ang naghain para sa kanya ng pagkain sa mesa. Inilagay pa nito ang table napkin sa kanyang kandungan. He felt like a little boy again...

“Kelan ka ba mag-aasawa, Casper?” urirat nito habang nasa gitna sila ng pagkain.

Pinigil niya ang matawa, baka mabugahan niya kasi ng pagkain sa mukha ang ina. Uminom muna siya ng tubig bago nagsalita. “Ma, I’m still too young to get married.”

Yeah, right! Pero paano ba niya sasabihin dito na may iniibig nang iba ang tanging babaeng nakabihag sa pihikang puso niya?

“I was only twenty-one when I got married, Casper. Your dad was only twenty-three.” She laughed demurely. Actually, everything about his mom was demure. “Were you being serious that time when you said you wanted to marry someone like me?”

Tumango siya. “Yup.”

Bumuntong-hininga ito. “Casper, walang dalawang tao sa mundo ang ipinanganak na magkapareho.”

“Well, she could at least possess some of your traits,” pilit niya. “What can I do, Mother? Katulad mo ang ideal girl ko.” *Na minalas at pagmamay-ari na ng iba.*

“Hindi puwedeng maging ideal ang love, hijo.

It should come naturally. Trust me, one day, you'll realize na ang hinahanap mong pag-ibig ay nasa tabi mo lang pala and she might not be your ideal girl," katuwiran nito.

"Don't tell me hindi n'yo ideal man si Papa?"

"Well..." Ngumiti ang biyuda. "Hindi ako kailanman nag-set ng standards pagdating sa lalaking mamahalin. Like I told you, love flows naturally. One day, malalaman mo na lang na in love ka sa least expected person."

Naisipan niyang magbiro. "Paano kung kriminal?"

Ang lakas ng tawa ng kanyang ina. "My God, Casper! Namana mo talaga mula sa papa mo ang iyong morbid sense of humor!"

4

Napasuntok sa manibela si Casper habang nagmamaneho pauwi. Kababalik lang ni Malaya sa *Fauna* kaninang umaga at may ibinalita—engaged na ito at si Kaede! Nag-propose ang nobyo nito nang akyatin ng mga ito ang *Mount Fuji*. Ngayong Abril na gaganapin ang kasal.

Nag-ha-happy dance ang babae kasama ni Rianne nang datnan niya ang dalawa sa clinic. Larawan ito ng tunay na kaligayahan. How he wished he could make her happy that way. But, uh, well...

He wasn't expecting it to be this painful. Inihanda na niya ang sarili noon sa pagdating ng pagkakataong ito, pero ano ang magagawa niya? He was indeed a human being, nasasaktan din.

At ang mas masakit pa, kukunin pa raw siyang isa sa mga groomsmen ni Kaede at kakanta siya sa reception! And the worst part, siya pa ang pinamili ng babae ng kakantahin dahil wala raw theme song ang mga ito. Ang saklap naman ng kapalaran niya! Baka punebre pa ang kantahin niya sa sama ng loob pag nagkataon.

Nananadya yata ang pagkakataon dahil *Luha* pa ang pinapatugtog sa FM sa car stereo ng kotse niya.

“Crap,” mariing sabi ni Casper at nabubuwisit na pinatay ang radio.

Nang mamataan niya sa gilid ng kalsada si Rianne, naglalabas ito ng spare tire mula sa trunk ng kotse nito. Huminto siya sa likuran ng *Toyota Avalon* ng babae.

Mabilis siyang bumaba at nilapitan ito. “Need help?”

“No, thank you,” anito, sabay bitbit sa isang di-kalakihang toolbox.

“Alam mong magpalit ng goma ng kotse?” di-makapaniwalang sabi niya.

“Tinuruan ako ng kuya ko.” Nag-squat ang dalaga at inumpisahang tanggalin ang flat na goma.

“Lemme do that,” alok niya, pilit kinukuha ang hawak nitong tire iron.

“Sinabi nang kaya ko ito, eh!” tanggi ng babae. “Wala ka talagang bilib sa akin.”

“It’s not that, Rianne. Nagmumukha lang akong gago dito na hinahayaan ang isang babaeng magpalit

ng goma ng kotse. And look at you...” Pinasadahan niya ng tingin ang mapuputi nitong legs na litaw na litaw sa suot na mini-skirt and her rich cleavage na hindi nakuhang itago ng tank top. “Pinagpipiyestahan na ng mga dumaraang drivers dito ang katawan mo!”

“Wala akong pakialam!” asik ni Rianne.

Naghilahan sila sa tire iron. Dahil lalaki, siya ang nanaig. Walang nagawa ang babae kundi nakasimangot na panoorin na lang siya habang nagpapalit ng goma.

“There you go!” aniya nang matapos.

“Salamat,” anito, walang bahid ng gratitude ang boses.

Tumingin si Casper sa wristwatch. “Dinnertime na, treat mo naman ako,” pabirong ungot niya.

Pabiro ring umirap ito sa kanya. “Oo na, para quits na tayo. Ayokong magkaroon ng utang-na-loob sa ‘yo.”

Tumuloy sila sa pinakamalapit na restaurant saka walang imik na nagsalo sa pagkain. Kumakain na sila ng dessert nang magpasya siyang magsalita. “Meron ka bang paboritong love song?” naisipan niyang itanong.

Tumingin ito sa kanya, puzzled ang mga mata.

Nagpaliwanag siya, “Si Malaya kasi, pinakiusapan akong kumanta sa reception. Hindi ko naman alam ang kakantahin ko since wala pala silang theme song ni Kaede. ’Tapos puro alternative rock ang alam kong kanta.”

Parang nag-isip ang kaharap, mayamaya sa pagtataka niya ay bumunghalit ito ng tawa.

“What?”

“Naisip ko lang kasi, heto ang BFF ko, ikakasal na’y wala pa palang wedding song. Samantalang ako, elementary pa lang ako noon, nakapili na ako ng mga gusto kong kanta sa kasal ko.”

Napatawa rin si Casper. “*Girl Scout* ka pala. Always prepared.”

Sumeryoso na si Rianne. “Madami talaga akong gustong love songs, but my ultimate favorite is *All the Way* by Frank Sinatra.”

“Antigo ang pinakapaborito mong kanta?” bulalas niya, nagpipigil tumawa at baka tinidurin siya nito sa mukha.

“Sa iyon ang gusto ko, eh,” nakalabing dahilan ng babae. “Ang romantic kasi ng lyrics.”

Nag-isip siya saglit. “I don’t think I know the song,” pagkuwan ay sabi ni Casper. Aba, ano ang magagawa niya kung *Nickelback* at *Linkin’ Park* na ang inabutan ng generation niya. Malay ba niyang classic love song pala ang trip ng babaeng ito. “Can you sing it for me?”

Pinanangingitan siya nito ng mga mata. “Are you trying to humiliate me again, Casper? We both know I don’t know how to sing. Duh!”

He laughed. Sintunado nga pala ang boses ni Rianne kaya hindi ito sumasali sa pagkanta kapag napagtitripan nilang mag-videoke minsan. At kahit naririnig niya lang itong nagha-hum, wala pa rin ito sa tono!

“Okay, just give me some lines of it. Baka maalala ko.” In his lifetime, marami-rami na rin siyang narinig na old songs sa FM radio, malamang pamilyar din sa kanya ang awiting iyon ni Frank Sinatra.

Tumikhim ito saka bumira ng isang stanza. “*When somebody loves you, it’s no good unless he loves you, all the way. Happy to be near you when you need someone to cheer you, all the way.*”

“Hmm, sounds familiar,” napapaisip na saad ng binata. Kung kaya lang sana nitong kantahin iyon!

“Paano ’yung chorus?”

Lumarawan ang impatience sa mukha nito, ngunit nagpatuloy pa rin sa animo’y pag-re-recite ng poem. “Taller than the tallest tree is, that’s how it’s got to feel. Deeper than the deep blue sea is, that’s how deep it goes when it’s real.”

“It’s beautiful,” parang namamatandang nanulas mula sa kanyang bibig habang masusing nakatitig sa kabuuan ng mukha ni Rianne. *Damn, she is really beautiful!*

Yeah, she was beautiful, all right. And she knew it. That was what’s pissing him off all the time. Alam ng babaeng ito na maganda ito at may magandang katawan kaya ipinapangalandakan ang hitsura sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga seksing damit. She was aware that she was driving men crazy around her!

Although he kept on denying it, part of his aversion toward her was the fact that he was extremely attracted to her. And how he hated that feeling!

Parang naaalibadbaran namang nag-iwas ng tingin ang dalaga. “O, naalala mo na?” pakli ni Rianne.

“Medyo. Da-download ko na lang para mapakinggan kong mabuti. Ang tanong ay kung willing kang ipahiram sa groom and bride ang favorite song mo.”

Natigilan ito saglit, parang lumumbay ang mukha. “Well, why not? After all, ako ang maid of honor nila. Iyon na lang ang magiging wedding gift ko sa kanila. Wala kasi akong maisip na ireregalo, they seem to have everything in this world.”

Si Casper naman ang nilukuban ng lungkot. “Yeah. Kaede can give her anything—everything.” Uminom siya sa kanyang strawberry limeade, wishing to drown all the loneliness. Umaasa siyang hindi mapapansin ng kasama ang kanyang nararamdaman.

Malungkot pa rin ang mukha nito nang muli siyang tumingin dito. “Kung may iba ka pang suggestion, sabihin mo lang at iyon na lang ang kakantahin ko.”

Umiling ito. “*All The Way* na lang kasi mas bagay iyon sa kanila. Saka sa tingin ko, hindi ko na magagamit pa ang kantang iyan,” anitong parang nagmamaktol pa.

“You don’t wanna get married?”

“Ayaw sa akin ng lalaking gusto kong pakasalan,

eh. Inagaw na ng ibang girl.”

Naintriga si Casper. “Sino?”

Nagbuga ito ng hangin. “Si Brad.”

“Brad?”

Sumubo ito ng leche flan bago nagsalita ulit.
“Pitt.”

Napapantastikuhang tiningnan niya ito. “Si Brad Pitt? Baliw!”

Bago sila umuwi nang gabing iyon ay nagyaya si Casper na pumasok sila sa isang bar. Nagpaunlak si Rianne.

“How could you drink like that?” di-makapaniwalang usisa ng lalaki nang tatlong bote na ng *Budweiser Beer* ang naitumba niya.

“Mataas ang alcohol tolerance ko,” sagot niya. Although hindi naman talaga siya manginginom.

“I have no idea that you’re full of surprises, Rianne. To think na ang tagal na nating magbarkada.”

She scathingly laughed. “Eh, hindi naman tayo talaga close, ‘no!’ *Saka puro pintas na lang ang*

nakikita mo sa akin, mahadero ka! gusto sana niyang idagdag, pero ayaw niyang mag-provoke ng away ngayong gabi. Nasa bar pa silang dalawa ngayon. Baka maghampasan sila ng mga bote sa ulo. Violent masyado!

Lumipas pa ang ilang saglit. Mayamaya ay halata nang may tama na ang kainuman niya. Namumula na ang mukha ni Casper at namumungay ang mga mata. Nag-uumpisa na rin itong dumaldal.

“You remember when I was one of your eighteen roses? Naapakan ko’ng paa mo sa cotillion!”

Tumawa si Rianne. Hindi niya inaasahang naaalala pa nito ang tungkol sa debut niya. “Oo nga, at nag-away tayo sa gitna ng dance floor!”

Kung saan-saan pa napunta ang usapan nila, napapalakas na rin ang tawanan nila. Funny, pero beer pa yata ang magpapalapit sa kanila ng mahaderong ito.

Hanggang sa sumeryoso ang kaharap. “Hindi ka ba naiinggit sa best friend mo? Ikakasal na siya.”

“Slight,” pag-amin ng dalaga. “Pero hindi ko na iniisip ’yang kasal-kasal na ’yan. Marriage is not for everybody, I guess.”

“Ako, naiinggit.” Ininom nito ang natitirang laman ng bote. “I... I can’t believe she’s actually getting married now,” mahinang sabi nito.

Nanlaki ang mga mata ni Rianne sa narinig. Base sa facial expression ng lalaki, it was clear that he was in... pain. Pain over Malaya getting married?

Could it be...? Mabilis na gumana ang kanyang utak.

Ang trato ni Casper kay Malaya—his concern, his kindness, his sweetness toward her. Ang paglalagay nito sa babae sa pedestal, ang palaging panlalait sa kanya at pagkukumpara sa kanya sa matalik niyang kaibigan...

At bigla ring sumagi sa alaala niya ang araw na iyon sa college. Friday the 13th...

Mali siya. Hindi siya ang nginitian noon ni Casper!

Hindi siya kundi si Malaya pala na katabi niyang nakatayo sa tabi ng mga lockers.

God, she was wrong all this time! Kung bakit siya naniwala sa hulang iyon!

Straight niyang nilagok ang kalahating laman ng bote ng beer, may gustong lunurin na nararamdaman

sa loob-loob.

She never ever thought of that. Ang laki niyang tanga! Now, everything made sense. Lahat-lahat. Pero sa loob-loob niya ay nagbunyi pa rin si Rianne. Ngayong alam na niya ang lihim ng mahadero lalaking ito ay hindi na ito makakapambuska sa kanya.

“Whoa! Easy, girl,” awat sa kanya ni Casper.

Nagpahid siya ng bibig. “I told you hindi ako basta-basta nalalasing.” *Pukpuhin kaya kita ng bote sa ulo?*

Nang tumindi pa ang tama ng alkohol sa binata ay pilit na niya itong niyayang lumabas. Pero hindi niya ito pinayagang magmaneho pauwi. Bumagsak na lang sila sa parking lot ng bar, magkatabing nakaupo sa cargo area ng *Ford Escape Hybrid* nitong bukas ang backdoor. Bumili siya ng kape mula sa *Starbucks* na katabi lang ng bar, pampawala ng tama ng alak.

“Drink your coffee, Casper, bago lumamig ‘yan,” aniya.

Kung puwede lang sana niyang iwan ang alaskador na ito at umuwi na ng bahay para makapagpahinga. But Casper was too drunk to drive himself home. Tumanggi naman itong ihatid niya ito pauwi.

Walang imik na nilagok nang nilagok ng lalaki ang kapeng nasa tangan na disposable cup. Mayamaya ay tumingin ito sa kanya.

“What?” sita niya. Parang natutunaw yata siya sa titig nito sa kanyang mukha.

Umiling ito. “Nothing,” he answered, averting his eyes away.

Kailan kaya mawawala ang kalasingan ng mahadero? Hindi puwedeng mag-stay sila magdamag sa parking lot na ito!

Nang mapansin niyang nakatitig ulit ang binata sa kanya. “Casper, it’s impolite to stare!” aniya.

This time, hindi ito nagbawi ng tingin bagkus ay inilapit pa ang mukha sa kanya. “Did I ever tell you how beautiful you are?” mahinang lumabas mula sa bibig nito.

Binalutan siya ng tensyon, lalo na nang bumaba ang tingin nito sa kanyang leeg, pababa pa...

Napaigtad siya nang hawakan nito ang locket ng kanyang kuwintas.

“Ang tagal ko nang napapansin na lagi mo itong suot. Malamang, napakaimportante sa ’yo ng laman nito.”

Hinawakan niya ang chain ng kuwintas, pilit hinila pero ayaw bitiwang ni Casper ang locket.

“Can I see what’s inside?” curious nitong tanong.

“No!” may halong panic na tanggi ni Rianne. Ibinaba niya ang tangan na cup ng kape sa kanyang tabi at hinawakan ang kamay nitong ayaw bumitiw sa locket. “Let go, Casper!”

Bumitiw naman ito sa locket pero para hawakan ang kanyang kamay. Then his eyes were stuck on her face again. Nagpagkit ang kanilang mga mata nang ilang saglit. Lumakas ang kabog ng dibdib ni Rianne nang unti-unti nitong ilapit ang mukha sa kanya.

Was he—was he going to kiss her?

Pero parang isang romantic moment na may malamyos na background music na nauwi sa slapstick comedy ang lahat.

Ngunit bago pa man nito nailapat ang mga labi sa kanya, sumubsob ang mukha nito sa pagitan ng kanyang mga dibdib.

Pinanawan ng ulirat si Casper!

“So, how long have you been in love with her?”

nang-aasar ang ngiting usisa ni Rianne kay Casper pagkapasok na pagkapasok niya sa office ng *Fauna*.

“Ano ba’ng pinagsasasabi mo diyan?” pagmamaang-maangan ng binata.

Anak ng pusa! Sabi na nga ba’t bad idea ang makipag-inuman sa babaeng ito lalo pa’t masama ang loob niya. Siya pa naman itong dumadaldal at naisasaitinig ang mga tinatagong lihim kapag sinasaniban ng ispiritu ng alak.

“C’mon, Casper. Don’t even try pulling my leg.”

Hindi siya nagtuloy sa kanyang table kundi sa mesang kinaroroonan ng dalaga. “Huwag na huwag mo itong ipaparating sa kanya, nagkakaintindihan ba tayo?”

Tumawa si Rianne, nakakaloko. “Hindi ako basta-basta napapakiusapan lang, Dr. Casper Hidalgo.”

“Fine. Ano’ng gusto mong mangyari?”

“Hmm...” Kunwa’y nag-iisip ito, nakatingin sa mga kukong hot pink ang kulay ng nail polish. “Pag-iisipan ko pa. But you can start by being nice to me from now on.”

Ngayon ay may ammunition na ito laban sa kanya!

Pero ano ang magagawa niya? Hindi ito dapat makarating kay Malaya! Kahit na nasasaktan siya at hindi napasakanya ang babae ay ayaw niyang masira ang samahan nila. He still valued their friendship and he wanted it to last.

“C’mon, man! You still owe me last night nang i-door-to-door kita sa bahay n’yo!”

“Oo na!” angil niya.

Something was telling him it was a bad idea na pumayag sa kagustuhan ng babae.

Bad idea indeed. Kasi heto si Casper ngayon, dapat ay day-off niya pero nasa *Fauna* siya at nagtatrabaho.

“Parang bumait ka yata lately kay Rianne, ah,” puna ni Malaya sa kanya. “Biruín mo, ibinigay mo ang day-off mo sa kanya. At nakipagpalitan ka rin ng space para sa office tables n’yo.”

Nagkibit-balikat na lamang siya at tinanaw ang malaking bintana kung saan naroroon dati sa tabi niyon ang mesa niya—ang puwestong inaasam noon ni Rianne at pinag-awayan pa nila. Ngayon ay nasa sulok na siya ng office.

“Siyanga pala, Casper, nasabi ko na ito kay Rianne at pumayag na siya. Puwede bang sumama ka rin sa amin ni Kaede sa Japan next month?”

“Bakit?”

“Gusto kasi naming bitbitin ng fiancé ko ang best man at maid of honor sa Japan para makilala ang iba pang family members ni Kaede roon. They’re gonna throw us a big party there kasi halos lahat sila, eh, hindi makaka-attend ng kasal namin dito. Alam mo naman kung gaano ka-busy ang mga tao sa ibang bansa.”

“Pero si Traven ang best man n’yo, di ba?”

“Busy siya next month, di makakasama. Alam naman nating workaholic masyado ang taong ’yun. Kaya ikaw na lang. Please?”

“Sino ang maiiwan dito?”

Nitong nagdaang mga araw ay panay ang labas nina Malaya at Rianne para sa pagpi-prepare ng kasal ng babae. At madalas, siya ang naiiwan sa *Fauna*. He wasn’t complaining or anything. Kahit man lang sa ganitong paraan ay makatulong siya sa wedding preparations.

“Mga assistants natin. One week lang naman.

Desperately Chasing Casper - Yumi Sagara

Sige na, Casper. Please?”

As if mahihindian niya si Malaya.